

ISANG PAGSASALIN SA WIKANG FILIPINO MULA SA ORIHINAL NA INGLES NG
ISKRIP SA "KASAYSAYAN NG REPUBLIKA NG PILIPINAS," MODYUL 1 AT 2
(PROYEKTO NG PUAVC SA PAMAMAGITAN NG MGA PHOTO SLIDE)

213100
Isang Tesis

na Iniharap sa
Institute of Graduate Studies
Far Eastern University

Bilang Pagtupad sa Huling Pangangailangan
Upang Makamit ang Titulong
Master sa Sining
(Dalubhasa sa Filipino)

ni

LAKANDUPEL C. GARCIA

Marso, 1992

MGA NILALAMAN

	PAHINA
PAGHAHANDOG	i
PASASALAMAT	ii
KABANATA	
I. PANIMULA	1
Kaligiran ng Pag-aaral	2
Layunin	6
Kahalagahan	7
Saklaw at Limitasyon	9
Katuturan ng mga Terminolohiya	11
II. MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL	13
Batayang Teoretikal	20
III. METODOLOHIYA	22
IV. ANG SALIN NG ISKRIP NG MODYUL 1 AT 2	
"Ang Pilipinas: Lupain at Mamamayan" ...	26
"Ang Pilipinas: Sinaunang Himpilang Pangkalakalan ng Asya"	78
V. SINING NG PAGSASALIN: ISANG PAGSASALIN NG SINING	114
VI. BUOD AT REKOMENDASYON	123
APENDIKS	
A. Paunang Salita (Tungkol sa Pagkakasulat ng mga Modyul)	125
MGA SANGGUNIAN	126

KABANATA VI

BUOD AT REKOMENDASYON

Ang pagsasaling-wika, tulad ng binabanggit sa Panimula ng tesis na ito ay lubhang mahalaga at kapaki-pakinabang. Ngayon pa lamang, inaasahan na ng awtor na hindi mapapabilang ang kanyang pinagpaguran sa mga tesis na ayon kay Dr. Alfonso Santiago ay patuloy na "inaamag at inaagiw lamang sa mga aklatan sapagkat walang gaano o anumang naiambag sa paglutas ng mga problema sa edukasyon at sa pagsulong ng karunungan."

Nagugunita rin ng awtor ang sinabi ng isang propesor ng Unibersidad ng Pilipinas na, "Ang sinumang nagsasabi na mahal niya ang kanyang wika ngunit hindi naman ginagamit, ay tulad ng dalawang nag-iibigan ngunit hindi kasal." Ang sinabi niyang ito'y totoo rin naman sa pag-aaral ng Kasaysayan ng Republika ng Pilipinas, lalo pa't ang mga estudyante at ang propesor ay pawang mga Pilipino. Kakatwang makita na ang dalawang pusa ay nag-uusap sa pamamagitan ng tahol. Samakatuwid, matibay ang paninindigan ng awtor na ang kanyang pagkakasalin sa iskrip na ito ay magbibigay pa ng higit na sigla sa pagtuturo ng Kasaysayan, at siyang magiging mabuting landas upang mabuhay ang pagkakakilanlan at pagkamakabayan ng lahing Pilipino.

Gayun pa man, inirerekomenda ng tesis na ito ang mga sumusunod:

1. Sa mga propesor ng Kasaysayan ng Pilipinas, ang tesis na ito'y makatutulong upang maiwasan ang labis na paggamit ng lektyur sa pagtuturo, bagay na kinababagutan na ng maraming estudyante. Dahil dito, inirerekomenda ng awtor na gumamit din naman ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo, tulad ng mga photo slide.
2. Sa maraming propesor, guro at mananaliksik na marubdob ang hangaring paunlarin pa ang Wikang Filipino, marami pang dapat na isalin. Ang pagsasalin ay kailangan upang lubusang maipatupad ang programa sa "Filipinisasyon." Hindi magiging "intelektwalisado" at "normalisado" ang Filipino, lalo na sa larangan ng Agham at Teknolohiya, kung hindi maisasalin sa sariling wika ang mga kaalamang ito. Batid ng awtor ang maraming hadlang sa simulaing ito, ngunit walang mataas na bundok sa walang takot sa pag-akyat, walang malalim na dagat sa matibay na manlalangoy, at walang matayog na pangarap sa taong nananalig.

Ang tesis na ito'y para sa lahat ng may dakilang hangaring mapasulong at lubusang magamit ang Wikang Filipino!...